

# TAMANG SAGOT

## PhilHealth Circular No. 2017-0004

### Enrolment/ Coverage of Filipinos with Dual Citizenship

---

#### 1. Sino ang maaaring mag-enroll sa bagong membership category na ito?

Maaaring mag-enroll dito ang lahat ng Filipino na mayroong dual citizenship, kung saan ang Dual Citizenship ay nakuha sa ilalim ng Republic Act No. 9225 na kilala bilang “Citizenship Retention And Reacquisition Act of 2003.”

#### 2. Paano mag-enroll bilang Filipinos With Dual Citizenship (FDC)?

Punan ang PhilHealth Member Registration Form (PMRF) at isumite ito, pati na ang Certificate of Re-Acquisition/Retention of Philippine Citizenship (CRPC) o ang Identification Certificate (IC) sa alinmang tanggapan ng PhilHealth sa Pilipinas.

Pagkatapos mai-process ang membership application ay makatatanggap ang member ng Member Data Record (MDR) kung saan nakasaad ang kanyang PhilHealth Identification Number (PIN). Ang Dual Citizen member ay maaari nang magbayad ng kontribusyon sa pinakamalapit na Accredited Collecting Agent sa Pilipinas o sa ibang bansa.

#### 3. Magkano ang premium na kailangang bayaran ng isang Dual Citizen member?

Ang isang dual citizen member ay kinakailangang magbayad ng Php3,600.00 para sa kanyang taunang kontribusyon sa PhilHealth.

#### 4. Saan maaaring magbayad ng prima ang isang Dual Citizen member?

Ang isang Dual Citizen member ay maaaring magbayad sa alinmang tanggapan ng PhilHealth na malapit sa kanyang tirahan dito sa Pilipinas, o sa alinmang accredited collecting agent ng PhilHealth sa Pilipinas o sa ibang bansa kung saan siya nagtatrabaho o naninirahan.

#### 5. Ilang taon ang maaaring bayaran ng isang Dual Citizen member bilang kanyang kontribusyon sa PhilHealth?

Ang isang Dual Citizen member ay maaaring magbayad ng kanyang kontribusyon ng hanggang dalawang taon lamang.

#### 6. Sinu-sino ang maaaring ideklarang dependent ng isang Dual Citizen member?

Ang mga maaaring ideklarang dependent ng isang Dual Citizen member ay ang mga sumusunod:

1. Anak na mas mababasa 21 taong gulang ang edad, walang trabaho at hindi pa kasal;
2. Anak na mayroong congenital disability, pisikal man o mental, anuman ang edad;
3. Legal na asawang Filipino o Dual Citizen din at hindi member ng PhilHealth; at

4. Magulang na mababa sa 60 taong gulang ang edad, at mayroong kapansanan, pisikal man o mental.

**7. Ang asawang Foreigner ba ay maaaring maging dependent ng Dual Citizen member?**

Ang asawang Foreigner ay hindi maaaring maging dependent ng Dual Citizen, nguni't maaari siyang maging member ng PhilHealth kung siya ay may Alien Certificate of Registration (ACR) at siya ay nakatira at nagtatrabaho dito sa Pilipinas batay sa PhilHealth Circular No. 2017-003.

**8. Kailan maaaring magamit ng isang Dual Citizen member ang kanyang benepisyo mula sa PhilHealth?**

Maaaring magamit ng isang Dual Citizen member ang PhilHealth benefits kung siya ay mayroong tatlong buwang kontribusyon sa loob ng anim na buwan bago ang unang araw ng pagpapaospital.

**9. Anu-ano'ng benepisyo ang maaaring makamit ng isang Dual Citizen member mula sa PhilHealth?**

Maaaring magkamit ang isang Dual Citizen at kanyang dependent ng in-patient benefits, special benefit packages at Z Benefits. Maaari din silang magreimburse kung sila ay naospital sa ibang bansa at ito ay babayaran PhilHealth katumbas ng case rates sa Philippine peso.

**10. Kung may karagdagang tanong tungkol sa polisiyang ito, saan maaaring magtanong ang mga nais magpa-miyembro?**

Ang mga nais magpa-miyembro sa PhilHealth ay maaaring tumawag sa Corporate Action Center sa 02) 441-7442 o maari ding mag-email sa [ofp@philhealth.gov.ph](mailto:ofp@philhealth.gov.ph). (END)